REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

KAPASIYAHAN BILANG 93-48

KAPASIYAHAN NA NAGSASAAD NG PAGHILING SA KGG. MANNY VILLAR, JR. NA KINATAWAN NG DISTRITO NG MUNTINLUPA-LAS PINAS NA MAPAKONKRETO ANG MGA KALYE SA MUNTING NAYON, SUMMITVILLE, BARANGAY PUTATAN, MUNTINLUPA NA POPONDOHAN MULA SA KANYANG COUNTRYSIDE DEVELOPMENT FUND (CDF).

************************************************************

Ipinanukala nina: Kgg. Melchor R. Teves, Kgg. Nolasco L. Diaz at Kgg. Lucio B. Constantino

************************************************************

SAPAGKAT, lubhang sira-sira na at halos hindi na madaanan ang mga lansangan sa Munting Nayon, Summitville, Barangay Putatan;

SAPAGKAT, sa mga buwan ng tag-araw ito'y sobrang maalikabok at sa buwan ng tag-ulan naman ay nagpuputik at nagbabaha na nagdudulot ng sakit sa mga batang paslit at sa kaawa-awang mga batang mag-aaral;

SAPAGKAT, ang Pamahalaang Bayan sa kasalukuyan ay walang pinansiyal na kakayahan upang maipaayos ang mga nabanggit na lansangan;

SAPAGKAT, ang mga kanugnog na lugar ng Munting Nayon ay mabibiyaan din at magiginhawahan sa pagpapakonkreto ng mga lansangan dito.

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay napagpasiyahan na humiling sa Kgg. Manny Villar, Jr. na Kinatawan ng Distrito ng Muntinlupa-Las Pinas na mapakonkreto ang mga kalye sa Munting Nayon, Summitville, Barangay Putatan, Muntinlupa na popondohan mula sa kanyang Countryside Development Fund (CDF).

PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA ng mga Kagawad ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa kanilang ika-30th na regular na pulong na ginanap ngayong ika-1 ng Marso, 1993.

PINATOTOHANAN:

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punongbayan/Pangulong Opisyal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. DANTE S. ALMARIO
Konsehal

KGG. ARTURO S. BUNYI
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. MELCHOR R. TEVES
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L.MARTINEZ
Konsehal

KGG. ERNESTO A. CARUBIO
Konsehal

KGG. REYNALDO A. ABAS,JR.
Konsehal

KGG. VICENTE Y. CHUA
Kinatawan ng Sektor
Pangulo, Samahan ng mga Punong-Barangay

KGG. MIGUEL LUIS F. RIOS, JR.
Kinatawan ng Sektor
Pangulo, Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

PINATUTUNAYAN:

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PINAGTIBAY:

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan